# Yeh (Pag-ibig)
## Sipi mula sa "@RTDagli: Mga Maikling-maikling Kuwento"

**Rolando B. Tolentino**

Pinayuhan siyang umibig nang wagas pero wasak parati ang kanyang puso. Kaya umibig siyang may bahid. Sumaya't tumagal ang mga sinta.

Pinalipad niya ang pag-ibig pero di bumalik gaya ng kanyang inaasahan. Sa susunod, lahat ay ikukulong niya.

Umibig siya, araw-araw, walang patlang, hanggang isang araw, lungkot na lungkot siya dahil wala nang pag-ibig na maiibig.

Ipinangako niya nang ilang ulit na di na umibig. Sa ika-70 pagkakataong nasawi, ipinangako niyang di na muling mangako.

Nagladlad siyang lesbiana sa publiko, daming pm pero nawala ang sintang di pa handa sa pagladlad.

Umibig siya at akala niya ay nasa langit na siya. May pag-ibig din mula sa malayo't tinatanaw-tanaw ang piniling sinta.

"Mahal, saan ka nanggaling kagabi?" at ang sagot niya, "Lampas sa hangganan ng ikaw at ako," at umalis ito nang di na muling babalik.

Umibig siya ng tunay at wagas ’gang di na siya umibig, dahil walang makatumbas sa kanyang tunay at wagas na alay.

PDA kete PDA ang peg nila tuwing magkikita, hangout at mahihiwalay. Nang mag-split sila, wala namang makaalaala na naging close pala sila.

Umibig siyang wagas at dalisay ’gang maisip ng kanyang mga iniibig na boring ito, walang excitement, at nag-move on sa kanya.

Buhos siya kung umibig, ipinagsisigawan at PDA pa sa buong mundo. Takot lang pala siyang mag-isa’t di kaya ang hapis ng lungkot.

Umiibig siyang nakalutang sa ere, kaya kada balik sa lupa’y duming-dumi sa sarili.

Umibig naman siya nang wagas at dalisay pero sa mga taong di pala wagas at dalisay.

Nag-alay siya sa paanan ni Ann ng pag-ibig. Pero sanay si Ann na tumalunton ng baha sa Malabon. Marahil naanod din ang alay.

Inalay niya ang pag-ibig sa paanan ni Ann. Ang problema, di nakayuko si Ann kaya di natanaw ang alay.

Wala siyang pag-ibig at maliit lang ang mundo kaya takbo lang siya nang takbo sa oval—para makaligtaan ang pagpinid ng naging buhay.

Umibig siya dahil wala nang natira sa mga nilaglag niya. Kaya heto, pinanindigan niya bago makapagpalawak muli ng uniberso.

Umibig siya dahil akala ay ito ang dapat gawin. Walang nagsabi sa kanyang mas mabigat na gawain ang umibig.

Sinabi na sa kanyang di na siya mahal, di kailanman minahal. Bakit tinatanaw pa rin niya ito mula paggising at pagtulog?

Kaydali niyang umibig, kaydali rin niyang tumalikod. ’Gang sa naisip niya, di naman talaga pala siya umiibig.

Segurista siya sa pag-ibig, di susuong o lalabas pag di tiyak. Pero nasira nang ilaglag ng tinukoy niyang "the one."

Nagpaalam siya sa lahat nang isara niya ang pinto ng puso. Di siya nagbubukas pag may kumatok o nakikiusap. Nasanay siya sa dilim at pag-iisa.

Suko na siya sa pag-ibig, nangakong di na muli sabay tungga't ubos sa bote ng beer, at umorder pa siya ng kasunod.

Mahal niya si Miranda kahit walang maaring magmahal kay Miranda na di sanay sa hirap at matayog ang pangarap.

Umibig siya nang wagas gaya ng habilin sa kanya. Pero ang pag-ibig di pala naididiktang maging wagas.

Mahal kita, bakit di mo ako kayang mahalin? Tanong niya sa FB account na klini-click kada 12 minuto.

Umibig siya tulad ng dati, sabay tuwa't lungkot nang matanaw niya ang sinta mula sa malayo't di alam kung sino siya.

Mahal niya ang taong magmamahal lang sa kanya, ito ang pinili't natitira niyang mundong iinugan.

Tabloid: lalake tumalon sa 25th floor matapos itulak ang sinta. Lalake: kung mahal mo ako, hawakan mo ang kamay ko.